*Aloysius 'Ochie' Baes*

# Rebolusyonaryo at syentista ng mamamayan

Nagpupugay ang Partido Komunista ng Pilipinas at rebolusyonaryong kilusan kay Dr. Aloysius "Ochie" Baes na namatay sa sakit sa puso noong December 21, 2006. Hanggang sa huling hininga niya, nakita kay Kasamang Ochie ang pagiging matapat at mapagpunyaging komunista at syentista ng bayan. Isa siyang bayani ng rebolusyon at mamamayang Pilipino.

Mula nang mamulat at sumapi si Kasamang Ochie sa kilusan para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya noong estudyante pa siya, inialay na niya ang buong buhay niya sa di makasariling paglilingkod sa mamamayan at rebolusyon. Bahagi niyon ang mahahalagang ambag niya sa pagsusulong ng syensya at proteksyon ng kalikasan sa interes ng mamamayan.




Nagtuturo siya ng Chemistry sa University of the Philippines-Los Baños noong ideklara ni Marcos ang batas militar. Nagbitiw siya sa unibersidad, sumapi sa hukbong bayan at nagsilbi bilang namumunong kadre ng Partido sa Timog Luzon. Ngunit di nagtagal ay nahuli siya at nakulong. Isa si Kasamang Ochie sa mga namuno sa mga bilanggong pulitikal sa Camp Crame at nanguna sa matatagumpay na pakikibaka para igiit ang kanilang mga karapatan.

Sa pamamagitan ng sariling ambag na mga awit at tula ng pagtutol, pag-asa at pakikibaka at ng kanyang paghihikayat sa pagpapaunlad ng gawaing kultural ng mga bilanggong pulitikal, malaki ang naitulong niya sa pagtatransporma ng bilangguan bilang pandayan ng mga rebolusyonaryo at progresibong likhang kultural. Nakapagpalakas ang mga likhang ito sa katatagan at diwang palaban ng mga bilanggong pulitikal at nagsilbing inspirasyon sa mga pakikibaka sa loob at labas ng bilangguan.

Pagkalaya sa kulungan, bumalik si Kasamang Ochie sa pagtuturo. Bilang guro, hinimok niya ang mga estudyante, kapwa guro at syentista na paglingkuran ang mamamayan at gamitin ang kanilang syentipikong kaalaman sa pagsusulong ng interes ng bayan.

Sa pagpapatuloy ng kanyang pag-aaral sa ibayong dagat para maging doktor ng syensya, hindi siya tumigil sa pagtataguyod ng pakikibaka at sa pangangalap ng suporta para sa pakikibaka sa Pilipinas.

Pagbalik niya sa bansa, naglaan siya ng malaking panahon para makapag-ambag sa pambansa-demokratikong pakikibaka, laluna sa larangan ng syensya at teknolohiya. Kabilang siya sa mga nagtatag ng AGHAM, isang organisasyon ng mga progresibong syentistang Pilipino, at iba pang progresibong organisasyon para sa makamamamayang syensya. Naging susi siya sa pagtutukoy ng limang pinakamahahalagang usaping dapat tutukan ng mga syentistang Pilipino upang ang syensya at teknolohiya ay mapaglingkod sa bayan: pangangalaga sa kapaligiran; kasiguruhan at pagsandig-sa-sarili sa pagkain; pampublikong yutilidad para sa mamamayan; pagpapaunlad ng syentipiko at makamasang kultura; at pagtatatag ng pambansang industriyalisasyon. Tinukoy din niya na ang mamamayan mismo ang prinsipal na tagapagtaguyod ng syensya at teknolohiya para sa kapakanan ng lahat.

Aktibo siyang lumahok sa mga pakikibaka ng mamamayan laban sa pagkakalason at pagkawasak sa kalikasan at sa pinsala sa buhay at kalusugan ng mamamayan dahil sa kagagawan ng mga pinasarang base militar ng US sa Clark Air Base at Subic Naval Base; ng Marcopper Mining Corporation at Placer Dome Corporation sa Marinduque; ng Lafayette Mining Limited sa Rapu-Rapu, Albay; ng pagkakatapon ng krudong langis ng Petron sa Guimaras Strait; ng mga komersyal na pagtotroso na nagdulot ng mga pagbaha at pagguho ng lupa sa Leyte, Aurora, Quezon at Albay; at marami pang iba. Tanda ng dedikasyon niya sa kapakanan at pakikibaka ng mamamayan, kahit sa huling mga araw niya ay tinatalakay pa niya ang mga problemang idinulot ng polusyon sa Rapu-rapu at kung ano pa ang mga dapat gawin tungkol dito.

Si Kasamang Ochie ay hindi makalilimutan ng mamamayang kabalikat niya sa pakikibaka. Marami at malalaki ang mga ipinaglaban at naiambag niya para sa pagkakamit ng bago at mas mahusay na mundo para sa mamamayang Pilipino at buong sangkatauhan. Patuloy siyang magsisilbing inspirasyon sa pakikibaka ng mamamayan. AB